

ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXV Blg. 11

Hunyo 7, 2004

www.philippinerevolution.org

Editoryal


Krisis sa pulitika, matabang lupa para sa rebolusyon

Napipinto ang pagsambulat ng maigting na krisis pampolitika sa naghaharing sistema. Ang dati nang maigting na tunggalian ng mga magkakaribal na reaksyunaryong pakson ay lalo pang pinati-tindi ng naganap na pinakamadaya, pinakamarahas at pinakamagulong elekson sa kasaysayan ng Pilipinas at ng sobra-sobrang panggigipit sa mga progresibo. Di mapapanatag ang mau-upong rehimeng.

Dinala ng nagdang halalan sa napakataas na antas ang bangayan sa hanay ng mga reaksyunaryo. Ang pandaraya, panggigipit at pandarahas sa mga lumahok na progresibong partido at kandidato, laluna't mahigit sangkatlo ng mga pinatay sa panahon ng elekson ay mga kandidato, lider at organisador ng mga progresibong partido ay la-long nagpasidhi sa

galit ng mamamayan sa gobyerno, sa mga sandatahang pwersa nito at sa mga sagad-sagarang reaksyunaryo.

Pinalalabas ngayon ng kampong Arroyo na nakuungos pa rin siya sa pangunahin niyang karibal sa



Mga tampok sa isyung ito...

NDF, nagbantang umatras sa usapan

PAHINA 3

Sumisirit ang presyo ng langis

PAHINA 7

Aping kalagayan ng kababaihang magsasaka

PAHINA 8

eleksyon, sa kabilang malawakang pagtakwil sa kanya ng mamamayan. Ginamit niya ang mga tauhan at malaking pondo at rekursong gubyerno, kabilang ang mahigpit na kontrol sa COMELEC, AFP at iba pang armadong pwersa ng reaksyong estado, upang manipulahin ang resulta ng halalan. Hindi ito matanggap-tanggap ng mga naging pangunahing kalaban ni Arroyo. Hindi rin ito malunok ng mamayang suklam na suklam sa rehimeng Arroyo.


Sabay na naggigiit ng kaniyang pagkapanalo ang pangkating Arroyo at pangkatin ni Fernando Poe Jr. Dahil sa higpit ng girian sa pagbibilang ng pinagsanib na kongreso sa mga boto para sa presidente at bise-presidente, lubhang magtatagal pa bago pormal na maiaproklama ang nanalo sa eleksyon pampanguluhan. Tuluy-tuloy ding nagmamaniobra ang mga reaksyunaryong oposisyon at naririan ang posibilidad na humantong ito sa kabiguang makapagproklama ng nanalong presidente at bise-presidente pagsapit ng nalalapit nang dedlay sa Hunyo 30.

Sa buong kasaysayan ng mga reaksyunaryong eleksyon sa Pilipinas,

nas, pinakapuno ng pagtatalo at pinakamabagal ang eleksyon ito sa paglutas kung sino ang nanalo sa pagkapresidente.

Dahil hawak ng pangkating Arroyo ang mayorya sa kongreso, maaaring maipilit pa rin ang kanyang proklamasyon. Magkagayon man, ang pagkakalantad ng sistematisko at malawakang dayaan, ang napakanipis na pagitan sa bilang ng boto ni Arroyo at Poe at ang mga bagong kaso ng pandarambong at mga anomalya na nalalantad ngayon laban sa rehimeng Arroyo ay mag-iwan lamang ng malaking duda sa pagkalehitimo ng patuloy niyang paghawak sa kapanyarihan.

Hindi kailanman matatahimik at hindi mapapalagay ang rehimeng Arroyo sa pag-upo nito sa Malakanyang. Mananatili itong saligang kahinaan ng paghahari ni Gloria Arroyo hanggang sa maibagsak siya sa kalaunan.



Ang lahat ng ito ay nagbabadya ng malaking kaguluhan sa pulitika. Nagsisilbi itong kundisyon sa lalong pag-iting ng hidwaan at pagudyok ng marahas na salpuhan sa hanay ng mga reaksyunaryo.

Hindi tatantanan ng mga kribal ni Arroyo ang bawat puwang para paigtingin ang mga pag-atake at pagpapabagsak sa kanyang paghahari. Patuloy na malalagay ang naghaharing rehimen sa depensi-bong pusisyon at pangangailangan ng magtanggol sa napakaalanganing pusisyon nito.

Dapat puspusang ilantad at samantalahan ng mga rebolusyonaryong pwersa at ng mamamayan ang ganitong kalagayan ng reaksyunaryong mga naghaharing uri at gubyerno upang mas epektibong malaban ang kabuuhan ng reaksyunaryong paghahari at maisulong ang rebolusyonaryong pakikibaka.

Higit pang mahalaga'y nagsisilbing kundisyon din ito para iba-yong makapagpalakas ang mga rebolusyonaryong pwersa, makapagpalawak ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente at mga taktikal na alyansa, makapagsulong ng mga pagkilos at pakikibakang armado at di armado, makakamit ng mas maraming mga bentaheng taktikal at malayong makaabante ang mga pakikibaka ng rebolusyonaryong pwersa at ng mamamayan.

AB

ANG Bayan

Taon XXXV Blg. 11 Hunyo 7, 2004

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editorial

Krisis sa pulitika, paborable sa rebolusyon 1

Pandaraya at karahasan sa eleksyon 3

NDF, nagbabalang aatras sa usapan 3

Pagtindi ng krisis pangkabuhayan 5

Ilusyon ng pag-unlad 5

Ilang tampok na datos 6

Sumisirit ang presyo ng langis 7

Kalagayan ng kababaihang magsasaka 8

Sa ibayong dagat

Patakaran ng US ang tortyur 9

Balita 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Mga kaso ng pandaraya at pandarahas sa eleksyon

Sa kabilang walang awat at walang pakundangang paninira, pandarahas at pandaraya laban sa mga progresibong partido, malayong nanguna pa rin sa eleksyon para sa *party-list* ang Bayan Muna na nakakuha ng tatlong pwesto sa kongreso. Nakapanalo rin ang Anakpawis ng dalawang pwesto at ang Gabriela Women's Party, ngisa. Gayunman, nahadlangan ang pagpapanalo ng iba pang progresibong partido sa harap ng masugid at garapalang pagkilos ng militar, pulis at iba't ibang mga panatikong grupong anti-komunista laban sa mga ito.

Kaalinsabay nito, walang tigil pa rin si National Security Adviser Norberto Gonzales sa pagsisikap na hindi makaupo sa kongreso ang mga nanalong progresibong partido. Bago pa ang eleksyon, pinangunahan ni Gonzales ang sistematisikong kampanya ng paninira at harasment laban sa anim na progresibong partido. Matapos mabigo,

ang proklamasyon ng mga progresibong partido naman ang tinangka niyang hadlangan sa pamamagitan ng pagtutulak ng diskwalipikasyon ng mga ito.

Upang pagtakpan ang mga ulat ng malawakang dayaan at terorismo sa nakaraang eleksyon, pinabantangan din nina Gonzales na "prente ng komunista" ang Patri-



ots, isang organisasyong kinabibilangan sa kalakhan ng mga taong simbahan na nagtaguyod ng malinis at kapani-paniwalaang eleksyon. Pilit na idinadawit ni Gonzales ang Patriots sa umano'y mga pakanang destabilisasyon laban sa rehimeng Arroyo na tinaguriang "Oplan Aklas Bayan" at nitong huli, ang "Oplan Evergreen."

NDF, nagbabalang aatras sa usapang pangkapayapaan

Nagbabala ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na aatras ito sa usapang pangkapayapaan kung hindi marerendahan ng reaksyunaryong gubynero ang patuloy na pagdami ng mga kaso ng pang-aabuso sa karapatang-tao na inihahasik ng militar at pulisia sa kanayunan. Binigyang-pansin din ng NDFP ang mga ulat ng malawakang pandaraya at terorismo sa nagdaang eleksyon, laluna laban sa mga progresibong partido. Ani Fidel Agcaoili, myembro ng NDFP *peace panel* at *co-chairman* ng Joint Monitoring Committee (JMC), ang mga pangyayaring ito ay malaking balakid sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan. Nakatakda ang ikalawang pag-uusap ng NDFP at GRP sa Oslo, Norway sa Hunyo 22-25.

Pinabulaanan ng NDFP ang ipinangangalakan ng Armed Forces of the Philippines na paghupraw ng mga paglabag nito sa karapatang-tao. Ayon sa KARAPATAN at Ecumenical Movement for Justice and Peace (EMJP), nakapagtala sila ng 3,150 kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao sa 40 buwangs panunungkuluan ni Pres. Gloria Macapagal-Arroyo. May 171,369 kataong biktima ng mga pamamaslang, pagdukot, pambobomba, sapilitang ebakasyon, demolisyong at harasment. Karamihan sa mga

ito ay naganap sa kanayunan. Taliwas ito sa sinabi ni Lt. Col. Daniel Lucero, hepe ng AFP Information Office, na 55 kaso lamang ng pang-aabuso sa karapatang-tao ang isinampa laban sa militar noong 2003.

Isinumite naman nitong Hunyo 4 ni Rev. Fr. Allan Archebuche, pangulo ng Promotion of Church People's Response (PCPR), ang mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa kabubukas na upisina ng JMC sa Immaculate Conception Parish sa Quezon City. Hinihiling ng PCPR ang pag-iimbestiga sa serye ng mga pambobomba sa Davao City kung saan sangkot sa partikular si Gen. Angelo Reyes, dating kalihim sa depensa at ngayo'y namumuno sa *anti-kidnapping task force* ng rehimene.

Tinukoy din ng PCPR ang mahabang listahan ng mga brutal na pamamaslang, mga tangkang pamamaslang, mga kaso ng mga *desaparecido*, mga harasment at grabeng pagbabanta laban sa mga sibilyan at aktibista ng mga tropa ng 204th Infantry Brigade sa Oriental Mindoro. Naiulat din ang kaso ni Biring Pasia, isang 72 taong gulang na magsasa-ka mula sa Candelaria, Quezon. Pinaghinalaang gerilya ng BHB si Pasia at buong araw na tinortyur ng mga elemento ng Philippine Army.

AB

Gayunpaman, hindi napigil ng malisyosong kampanyang pinangungunahan ni Gonzales ang pag-upo ng mga progresibong partido. Nai-proklama na ang BM, Anakpawis at Gabriela. Iginigiit ngayon ng mga progresibong partido ang pagtanggal sa pwesto kina Gonzales, mga upisyal at tauhan ng militar at pulisia na direktang nanghimasok sa nagdaang eleksyon.

Ang sumusunod ay ilan lamang sa mga insidente ng pandaraya at karaasan laban sa mga indibidwal at grupong progresibo:

Sa Southern Mindanao, iniulat ng Anakpawis ang malawakang pandaraya sa malalayong barangay ng Compostela Valley, Davao Oriental at Davao del Sur. Sa Compostela Valley, anito, may 40,000 tagasuporta ang Anakpawis pero 9,000 lamang sa kanila ang nakaboto.

Sa Maguindanao, inireklamo ng Suara Bangsamoro ang mga kasu ng "dagdag-bawas." Halimbawa, sa bayan ng Datu Montawal, may 2,449 boto ang Suara Bangsamoro ngunit 606 na boto na lamang ang lumabas sa *certificate of canvass*. Sa Sultan sa Barongis, walang nauhuang ni isang boto ang Suara Bangsamoro nang pangasiwaan ng militar ang pagbibilang ng mga boto. Sa bayan ng Ampatuan, hindi tinanggap ng *board of canvassers* ang mga boto ng naturang partido dahil sa matinding presyur mula sa militar. Samantala, inireklamo ng kanilang mga *poll watcher* sa Sulu ang pagbabawal ng Philippine Marines sa mga *board of inspectors* na basahin at bilangin ang mga boto para sa Suara Bangsamoro.

May mga pagkakataon na ang pagbibilang ng mga boto ay ginawa sa loob ng mga kampo ng militar sa Mindanao, bagamat labag ito sa batas. Sa Camp Sionco (himpilan ng 16th IB) ginawa ang *provincial canvassing* para sa Maguindanao at sa Camp Salipada Pendatun naman idinaos ang pagbibilang para sa

mga bayan ng Parang at Matanog sa parehong prubinsya.

Sa Iloilo, hinarang sa mga tsekpoyn ng 47th IB ang mga tagasuporta ng Bayan Muna na papunta sa mga presinto. Iniulat din na nangakong magbigay ang mga upisyal ng militar ng pabuyang P10,000 sa bawat *barangay captain* na makakukumbinsi sa mga botanteng huwag bumoto sa Bayan Muna, Anakpawis at iba pang progresibong partido.

Gayunpaman, hindi napigil ng malisyosong kampanyang pinangungunahan ni Gonzales ang pag-upo ng mga progresibong partido. Naiproklama na ang BM, Anakpawis at Gabriela.

Naglipana naman sa mga komunidad ng Moro sa Maharlika Village, Taguig, Rizal at sa mga presinto sa Taguig National High School ang mga elemento ng Philippine Army, Air Force, Navy at Philippine National Police na nagmula pa sa Jolo, Basilan at Zamboanga. Sa mga komunidad ng Moro sa Quiapo, Maynila, labas-masok din ang mga elemento ng Philippine Marines at pulis sa mga *polling precinct*. Nagtala ng datos ang mga elemento ng Marines habang binusisi naman ng mga pulis ang mga *tally sheet*.

Noong bisperas ng eleksyon, pinasok ng pitong armadong lalaking pinaghinalaan ng militar ang upisina ng Bayan Muna sa Angeles City. Kinaladkad, sinipa at binantaang tumigil na sa kanyang gawain si Divine Zamboanga, ang nag-iisang kasapi ng Bayan Muna na nadatnan nila sa upisina. Nilimas ng mga armado ang mga papeles, kompyuter at iba pang gamit sa upisina.

Sa isla ng Mindoro, tinadtad ng mga tsekpoyn ang mga daan papunta at mula sa mga pinagsususpetsahan nilang base ng Bayan Muna, Anakpawis at iba pang progresibong partido. Sinita, hiningan ng mga sedula at pinabalik ang mga galing doon para bumoto sana sa mga presinto. Sa mga komunidad ng mga Mangyan, tulad ng mga bayan ng Paluan, Abra de Ilog, Sta. Cruz, Mamburao at Baco, tahasang nangampanya ang militar laban sa mga progresibong partido at para sa mga reaksyunaryo at maka-militar na kandidato. Sa Mindoro Oriental, tahasan nilang ikinampanya ang makamilitar at pasistang si Bert Marasigan para sa pagkagubernador.

Pinangasiwaan din nila ang tinatawag na "pala-pala" kung saan tinipon nila ang mga Mangyan sa ilang lugar para "turuang" magsulat ng pangalan ng mga ibobotong indibidwal na kandidato at grupong *party list*. Ang itinuro nilang isulat ay ang pangalan lamang ng mga makamilitar at kakutsaba nilang kandidato at sa *party-list* naman ang pasistang grupong ANAD.

Sa Isabela, pinawalambisa na ng COMELEC nitong Hunyo 7 ang utos ng ilang komisyuner nito noong Mayo 22 na isuspendi ang proklamasyon ni Grace Padaca dahil sa gawa-gawang kasu na isnampa laban sa kanya ng pinakamahigpit niyang karibal na si Faustino Dy Jr. Ginagawa ng pamilyang Dy ang lahat ng paraan—garapalang pandarahas, pandaraya at iba pang maruruming taktika para sagkaan ang pagkaproklama kay Padaca. Walang kabata-bata yang pinaratangan ni Dy si Padaca na nakipagkutsaba sa BHB upang mandahas at mandaya para manalo. Malakas at laganap ang pagtuligsa ng mga lider-relihiyoso, masmidya at iba't ibang sektor ng mamamayan sa paninira ni Dy laban kay Padaca at sa BHB. AB

Ibayong pagtindi ng krisis pangkabuhayan

Habang umiigting ang krisis sa pulitika ng naghaharing sistema, walang tigil ang pagsidhi ng krisis sa ekonomya at pagtindi ng paghihirap ng mamamayang Pilipino. Ang mabilis na lumalalang paghihirahos ng mamamayang Pilipino ay nagtutulak sa kanila na ipaglaban ang kanilang mga pangkabuhayang interes at dalhin ito sa larangang pampolitika at rebolusyonaryong pakikibaka.

Hindi nakapagpapakalma sa kumakalam na sikmura ng mamayan ang isiniwalat ng gubyerno na mga estadistikang nagdedeklara ng "pag-unlad" ng ekonomya. Ang ipinamamaraling 6.4% umanong paglago ng lokal na produksyon noong unang tatlong buwan ng taon ay lumilikha lamang ng ilusyon ng pagsulong at huwad na

larawan ng pag-unlad ng ekonomya.

Sa katunayan, ang ekonomya ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas ay lugmok sa permanenteng krisis. Nananatili itong atrasado, agraryo at di industriyalizado.

Naghahikahos ang mamayan Pilipino at araw-araw ay lu-



mulubha ang kanilang paghihirap. Patuloy na sumisirit ang mga arawang gastusin sa pamumuhy, laluna ang mga saligang pangangailangan ng mamayan. Samantala, ang napakababang natakdang minimum na sahod ay wala pa sa kalahati ng halagang kailangan ng isang anim-kataong pamilya para mabuhay nang disente. Patuloy namang lumiliit ang halagang nabibili ng piso. Samantala, palaki nang palaki ang bilang ng mga walang hanapbhay.

Nagngingitngit sa galit ang mamayan Pilipino sa harap ng patuloy na lumalalang sitwasyong pangkabuhayan at kabiguan ng gubyerno na harapin ang mga problemang ito.

Naririyan ang napakaraming hinaing:

► ng mga manggagawa, sa napakalaki at patuloy na lumalaking dis empleyo; sa lumalalang kaswali-sasyon ng paggawa; sa pagtagging itaas ang napakababa at di nakabubuhay na sahod; sa paglabag sa kanilang mga karapatang mag-organisa at magwelga sa pag-aawaan;

► ng mga magsasaka, sa pangangamkam ng mga panginoong maylupa, kumprador burges, dayuhang empresa at reaksyunaryong estado sa kanilang mga lupain, sa kawalan ng tunay na reforma sa lupa, sa pagbaha ng mga dayuhang

Panandaliang ilusyon ng pag-unlad

Kung hihimayin ang datos na inilabas kamakailan ng gubyerno na naglalarawan ng umano'y 6.4% paglawak sa ekonomya sa unang tatlong buwan ng taon, makikitang ang mga salik sa likod nito'y pawang di-produktibo at panandalian lamang. Lumilikha lamang ito ng ilusyon ng pag-unlad sa harap ng matagal nang pagkatigang at pagdausdos ng ekonomya.

Ang umano'y paglago ng ekonomya ay dulot ng (1) pagsirit ng mga gastusin kaugnay ng eleksyon (5.9%); (2) ang lalo pang paglawak ng mga serbisyo pang-telekomunikasyon (13.4%) dahil sa pagdagdag ng ilang milyong ginagamit na *cellphone*; (3) panandaliang pagtaas ng produksyon agrikultural dahil nagkataong maganda ang klima; (4) alanganan pagbangon ng produksyon ng mga pyesang elektronik mula sa pagbagsak na sinapit nito; at (5) paglaki ng mga remitans mula sa *overseas contract workers* (OCW).

Wala ni isa sa mga ito ang nagpapakita ng tunay na paglago ng ekonomya o ng pangmatagalang pag-unlad sa hinaharap. Maging ang ibang burges na ekonomista ay duda kung ang sinasabing pag-unlad ay tatagal.

Sa pagtatapos pa lamang ng kwarto noong Marso, bumagsak na nang 11% ang manupaktura. Bumagsak muli nang 11.4% ang eksport nitong Abril, dahil pangunahan sa pagdausdos na naman ng eksport ng *semiconductors*, ang pyesang elektronik na pangunahing eksport ng Pilipinas. Inaabangan ding tutumal ang produksyon sa mga susunod na buwan dulot ng sobrang paglaki (130%) ng imbentario ng mga produktong agrikultural at mga inimbak na kalakal noong unang kwarto. Hahatak din nang malaki sa pagbaba ng produksyon ang pagbalik sa normal ng mga konsumo matapos ang eleksyon, ang tuluy-tuloy na pagtataas ng presyo ng langis at ang sobra nang lumalaking depisit sa badyet ng gubyerno at kabayaran sa mga utang.

AB

produktong agrikultural sa bansa at pagpatay sa lokal na agrikultura;

► ng mga karaniwang kawani ng gubyerno, sa napakababang sweldo, sa maramihang tanggalan bunga ng pribatisasyon at denasyunalisasyon ng mga korporasyon ng gubyerno, sa mga pangungurakot at panggigipit sa kanila ng mga burukrata sa gubyerno;

► ng mga kabataan at estudyante, sa palaging pagtataas ng matrikula at iba pang gastusin sa pag-aaral, sa mababang kalidad ng edukasyon at pagtutuon nito sa pagluluwal ng mumurahing tagapaglingkod sa mga imperyalistang korporasyon;

► ng nakararaming mamamayan sa lunsod, sa kawalan ng hanapbhay, sa mga demolisyon ng tirahan at kawalan ng permanente at disenteng matitirhan ng mga maralita, sa tuluy-tuloy na pagtaas ng singil sa tubig at kuryente sa kabilang pagkabulok ng mga serbisyong ito at ng malubhang kakulangan sa serbisyong pangkalusugan at pagtaas ng presyo ng gamot, sa sobrang pagtataas ng presyo ng mga saligang pangangailangan ng mamamayan, sa walang tigil na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo at mga karaniwang bilihin, at sa mga karagdagang buwis na ipinapataw ng gubyerno.

Nang gagalaiti ang mamamayan sa kasakiman ng mga imperyalista at lokal na mga naghaharing uri; sa patuloy na panghihimasok ng gub-yernong US at mga pandaigdigang ahensya nitong International Monetary Fund, World Bank at World Trade Organization at sa pagpapataw ng mga ito ng mga patakaran nagsisilbi lamang sa interes ng mga imperyalista at mga lokal na galamay nila; sa asal-tutang pag-susunud-sunuran ng reaksyunaryong gubyerno sa mga imperyalistang patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon, pribatisasyon at denasyunalisasyon na ibayong nang-

Malawakang paghihikahos: Ilang tampok na datos

- P464 bawat araw ang kailangan ng isang anim-kataong pamilya para sa pagkain, bahay, transportasyon, damit, gamot at iba pang saligang pangangailangan sa Kamaynilaan
- P250 lamang bawat araw ang nakatakdang minimum na sahod sa Metro Manila, at mas mababa pa ang sa ibang rehiyon
- 69 milyon o 90% ng mamamayang Pilipino ang nabubuhay sa P137 lamang o mas mababa pa
- 23.7 milyon o 48% ng mga Pilipinong 15-65 taong gulang, liban sa mga estudyante, ang wala o kulang ng hanapbhay
- mahigit 250% ang abereyds na itinaas ng presyo ng mga produktong petrolyo mula nang ipatupad ang batas sa deregulasyon noong Abril 1996
- 253% ang itinaas ng singil sa tubig ng Manila Water noong 1998-2003
- 426% ang itinaas ng singil sa tubig ng Maynilad noong 1998-2003
- 150% ang itinaas ng singil sa kuryente mula 1995 hanggang 2003
- P100 milyon bawat araw ang kinukurakot ng mga upisyal ng gubyerno mula sa kaban ng bayan

wawasan sa mga produktibong pwersa at ekonomya ng bayan; sa patuloy na pagpapabaya ng gubyerno sa mga estratehikong industriya at serbisyong panlipunan at pagpapaubaya ng buong kontrol sa mga ito sa kamay ng malalaking buwayang dayuhan at lokal na kapitalista; sa daan-daang bilyong pisong nalulustay sa pagbabayad ng mga utang ng gubyerno at ng mga kumprador burges, sa napaka-laking gastusin ng militar at sa mga pandarambong, gawaing kriminal, korapsyon at iskandalosong luho ng malalaking burukratang kapitalista; sa ibinubunga ng lahat ng mga ito na ibayong pambubusabos sa mamamayan.

Hahantong at hahantong ang mga ito sa paglaban ng mamamayan. Haharap at haharap ang reaksyunaryong gubyerno sa mga protesta at pakikibakang sisiklab sa buong bansa.

Mabilis na sumusulong ang kilusang masa at armadong rebolusyonaryong pakikibaka. Kaalinsa-

bay nito, sumasambulat ang isang pampulitikang krisis na nagbabadyangan yumanig sa rehimeng nakuupo sa poder.

Ang pag-iibayo at pagpapalawak ng paglaban ng mamamayan para sa mga mahigpit na kinakailangang kagyat na kaluwagan mula sa mga hagupit ng kasalukuyang krisis pang-ekonomya ay tumutuon sa saligang pang-ekonomya, pampulitika at panlipunang mga suliranin nasa ugat ng kasalukuyang sumisidhing krisis.

Ang pangmatagalang kalutasan sa paghihirap ng mamamayan ay nakasalalay sa pagwawakas ng kasalukuyang bulok, mapagsamantala at mapang-aping sistemang malakolonyal at malapyudal. Tanging ang pagtatag ng bagong rebolusyonaryong kaayusan na malaya, demokratiko, progresibo at tunay na nagsisilbi sa interes at kagalingan ng mamamayan ang ganap na lulutas sa krisis at mag-aahon sa bayan mula sa kahirapan at kaapihan.

AB

Sumisirit ang presyo ng langis

Kailanma't naisin ng mga dambuhalang kumpanya ng langis na magtaas ng presyo ng kanilang mga produkto, may mga pirmi na silang sangkalan. Madalas, sinasabi ng mga ito na marapat ang pagtaas ng presyo dahil palugi umano ang kumpanya. Di kaya naman, ibinubunsod umano ito ng pagtaas ng presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan. Karaniwan din nilang idinadahilan ang mga pagbaba ng halaga ng piso, pagtaas ng mga gastos nila sa operasyon at kung anu-anong pa.

Pawang kasinungalingan ang mga ito. Una, wala pang pagkakataon sa kasaysayan na nalugi ang pinakamalalaking dayuhang multinasyunal na nagmamay-ari ng pinakamalalaking kumpanya ng langis sa Pilipinas. Nitong mga huling pagkakataon, di lamang dumodoble ang taunang tinutubo ng mga kumpanyang kabilang sa internasyunal na kartel sa langis.

Noong 2002, halimbawa, 298% (halos triple) ang abereyds na ini-laki ng tubo ng limang pinakamalalaking kumpanya ng langis sa daigdig. Nakakalulang halos sumpung beses (926%) naman ang inilobo nito nitong 2003, bunsod ng nagibayong kontrol ng imperyalismong US at UK sa industriya ng langis nang sakupin ng mga ito ang Iraq. Kabilang sa mga kumpanyang naturan ang Royal Dutch Shell na may-ari ng Pilipinas Shell at ang Chevron-Texaco na may-ari ng Caltex Philippines.

Ikalawa, tumaas man o bumaba ang pandaigdigang presyo ng langis, kadalasa'y itinataas pa rin ng mga kumpanyang ito ang presyo ng kanilang mga produkto. Mas mabilis nga lamang ang kanilang pagsunggab sa pagkakataon kapag may kahit bahagyang pagtaas sa presyo ng krudong langis. Gayong lagi silang may dalawang buwang imbak na langis na sa lumang presyo pa nabili, agad silang nagtataas batay sa pinakahulugan ng pagtaas ng pandaigdi-


gang presyo ng krudong langis. Sa kabilang banda, kapag bumababa naman ang pandaigdigang presyo ng langis, bihirang-bihira ang mga pagkakataong nagbababa sila ng presyo.

Matingkad na halimbawa ang pinakahulugan ng pangyayari. Noong Mayo 14, piso kada litro ang agad na idinagdag ng Caltex at Shell sa presyo ng kanilang mga produkto nang umabot sa \$41.83 (pinakamataas sa nakaraang 21 taon) ang presyo kada bariles ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan. Dadalawang linggo lamang ang pinalipas, nagdagdag na naman ng piso ang Shell sa kada kilo o P11 sa kada tangke ng liquefied petroleum gas (gas na panluto).

Nitong Hunyo 4 at 5, dinagdagan na naman ng 90 sentimo ang presyo kada litro ng mga produktong petrolyo. Balak pa ng mga kumpanya ng langis na magtaas uli ng presyo sa susunod na linggo. Inaabangan P1.25-P1.80 ang idarragdag sa presyo ng kanilang mga produkto. Sinasamantala ng kartel ang pagsirir ng presyo ng krudong langis bunsod ng magulong sitwasyon sa Middle East.

Bagamat mula't sapul ay ganito na ang kalakaran, lalo itong bumwelo mula nang ipatupad ng reaksyonaryong gubyerno ang deregulasyon ng industriya ng langis noong 1996. (*Tingnan ang tsart.*)

Anu't anuman, ang mga isinasangkalan ng lokal na kartel sa langis tuwing magtataas ng presyo ay gasgas na gasgas na. Hindi na nito napagtatakpan ang katotohanang kahayukan sa tubo ang nagtutulak pataas sa presyo ng mga produktong petrolyo. Ang mga ganid na kumpanya ng langis ay mga eksperto na sa lahat ng klase ng pandaraya para tugunan ang kanilang makasariling mga interes. (*Para sa mas malalim na pagtala-kay sa usapin, sumangguni sa praymer na "Monopoly atbp." na inilabas ng Kawanihan sa Impormasyon noong Mayo 2002.*) AB



PRESYO NG MGA PRODUKTONG PETROLYO SA ILALIM NG DEREGLASYON (1996-2001)

Taon	Abereyds na presyo (piso kada litro)
1996	6.07
1997	6.71
1998	7.19
1999	8.44
2000	11.52
2001	13.52


Ang matinding kaapihan ng kababaihang magbubukid

Sa 70% ng populasyon ng Pilipinas na binubuo ng mga magsasaka, kalahati ay kababaihan. Tulad ng kalalakihang magsasaka, masidhi ang kaapihan at pagsasamantalang dinaranas nila dulot ng pyudal at malapyudal na kaayusan sa kanayunan. Kapwa nilang mabigat na pasanin ang laganap na kawalan ng lupa. Dagdag dito, malaking bahagi ng ani na kinokonsumo o pinagkakakitaan nila ay kinukuha ng mga nagsasamantalang uri sa pamamagitan ng mataas na upa sa lupa at gastos sa produksyon, usura, at pambabarat sa presyo ng kanilang mga produkto. Napakababa rin ng sahod na tinatanggap ng mga manggagawang bukid, babaes man o lalaki.

Higit sa dinaranas ng kalalakihang magbubukid, ang kababaihang magsasaka ay dumaranas ng dagdag na pagsasamantala. Mababa ang pagtingin sa mga babaes sa lipunang malakolonyal at malapyudal. Sa kanayunan, karaniwa'y ikinakahon si la sa tahanan bilang asawa at ina na ang responsibilidad lamang ay kaugnay ng mga usaping pampamilya.

Ni hindi kinikila sa mga upisyal na estadistika ang kanilang matingkad na papel sa produksyon. Ayon sa isang pag-aaral, 47.55% lamang ng kababaihan sa kanayunan ang aktwal na ibinibang sa pwersa ng paggawa. Sa kabilang panig, 84.24% ng kalalakihan ay kasama sa pwersa sa produksyon sa kanayunan.

Bukod rito, karaniwang mas mababa ang sahod o kita ng kababaihan kumpara sa mababa na ngang natatanggap ng mga lalaki sa



kanayunan. Ayon sa isang sarbey na isinagawa ng National Statistics Office (NSO) noong 1997, mas mataas nang P14.92 ang ibinabayad sa mga lalaki kaysa mga babaes para sa isang araw na trabaho. Mas mataas naman nang P6.26 ang tunay na halaga ng arawang sahod ng kalalakihan.

Ayon pa sa NSO, 52% ng 2.96 milyong kababaihang manggagawang bukid noong 2002 ay naka-kategorya bilang *unpaid family workers* dahil wala silang tinatanggap na sahod sa pagtatrabajo para sa pamilya.

Sa mga palayan at maiisan, umaabot lamang sa P80 bawat araw ang ibini-bigay sa mga babaes samantalang P100 naman ang sahod ng mga lalaki.

Mas mababa pa ang natatanggap ng kababaihan sa ibang lugar. Sa Negros, P50 bawat araw lamang ang tinatanggap ng kababaihang panapanahong manggagawang bukid. Sis-

temang pakyaw naman ang ginagamit sa pagdadamo kung saan binabayaran lamang ng P600 kada ektarya ang 15-20 kababaihan. Ang bawas na sahod ng kababaihan ay lalong nagpapahirap sa kanilang mga pamilya na makatugon sa P398.28 na kailangan ng isang anim-kataong pamilya araw-araw ayon sa pagtaya ng gubyerno mismo para sa mga eryang agrikultural.

Mula nang isabak ng rehimen ang ekonomya ng Pilipinas sa "globalisasyon" sa pamamagitan ng pagpapaloob sa General Agreement on Tariffs and Trade at World Trade Organization (WTO), binaha ng mga murang imported na mga produktong agrikultural ang bansa. Nagdulot ito ng lalong pagbagsak kapwa ng produksyong agrikultural at ng kabuhayan ng masang magsasaka. Lalong tumaas ang bilang ng mga babaeng walang hanapbhuhay sa kanayunan. Makikita pa rin ito kahit sa mga pinaliit na estadistika ng gubyerno. Mula sa 8.4% ng naitalang kababaihang walang hanapbhuhay sa kanayunan noong 1988, tumaas ito sa 10.1% noong 1998. Naging 10.6% ito noong 2001 tatlong taon matapos pumaloob ang bansa sa WTO.

Ang patuloy na pananalasa ng "globalisasyon" sa buhay at kabuhayan ng mga magsasaka ay nagtutulak sa mga babaes na lisanin ang kanilang mga komunidad upang humanap ng dagdag na mapagkakakitaan. Karaniwan nilang pinapsok ang pagiging tindera o *saleslady*, labandera, katulong sa bayan o sa Maynila; o kung nakapangingibang-bansa, bilang katulong kung hindi man tagabigay-aliw. Dahil sa malaking kawalan ng pagkakataong makakita ng matinong trabaho, marami rin ang nasasadlak sa prostitusyon at iba pang antisosyal na aktibidad para lamang may pagkakitaan.

Isa pang malupit na bigwas sa



buhay at kabuhayan ng masang magsasaka ang militarisasyon sa kanayunan. Kaakibat nito ang humahabang listahan ng mga paglabag sa mga karapatang-tao. Bukod sa mga kaso ng pagpaslang, pagdukot, iligal na pang-aaresto, pwersahang pagpapalikas, panini-



Higit na mahigpit ang pangangailangan ng kababaihan na basagin ang umiiral na bulok na sistema ng lipunang Pilipino.

ra ng mga pananim at mga kagamitan, maraming babae ang naging biktima ng sekwal na pangaabuso ng mga pwersang militar at paramilitar. Sa Cordillera pa lamang, umabot sa 25 ang naitalang kaso ng panggagahasa, tangkang panggagahasa at sekwal na harassment mula 1986 hanggang 2002.

Higit na mahigpit ang pangangailangan ng kababaihan na basagin ang umiiral na bulok na sistema ng lipunang Pilipino.

Ang kababaihan ay nagtataglay ng karapatang kapantay ng sa kalalakihan na lumahok sa produksyon at tamasahin ang mga ani ng kaunlaran, serbisyo ng panlipunan at iba pang benepisyo mula rito. May kapantay silang karapatan na makilahok sa pulitika at iba pang mga usapin labas sa tahanan at mapaunlad ang kanilang kaisipan at mga kakayahan bilang mamaayan.

AB

Upisyal na patakaran ng US ang paggamit ng tortyur

Sa nakaraang ilang linggo, sunud-sunod na nabunyag ang sistematisiko at laganap na paggamit ng mga pwersa ng US ng tortyur sa mga mandirigma at maging mga sibilyang Iraqi sa kulungan ng Abu Ghraib. Sinikap itong pagtakpan ng mga upisyal ng gubyerno at militar ng US. Ang mga ito diumano ay gawa lamang ng ilang bulok na indibidwal at hindi kailanman hinihikayat ng US.

Sa katunayan, ang paggamit ng US ng tortyur, pang-aabuso at brutalidad laban sa mga sibilyan at bihag ng digma ay isang sadya at laganap na patakaran. Hindi kaiba ang mga pangyayari sa Abu Ghraib at sa iba pang kulungang pinatatakbo ng US sa iba pang da-kong mundo.

Ang burukrasyang militar ng US ang siya mismong nagluluwal ng mga libro at manwal sa "syensa" at mga teknik sa tortyur na ginagamit ng mga sandatahang pwersa nito. Nagpapatakbo ito ng mga paaralan, katulad ng School of the Americas, na nagsasanay ng mga regular na pwersang militar at pulis at mga grupong vigilante at paramilitar mula sa iba't ibang bahagi ng mundo sa pinakaaban-

teng paraan ng tortyur, ekstorsyon at asasinasyon. Ang mga sinanay rito ay naghasik ng pinakamasahol na kaso ng panonortyur, pangmamasaker at terorismo ng estado sa mundo.

Nabunyag noong nakaraang taon na aprubado ng Defense Department ng US ang paggamit ng 20 teknik sa interogasyon ng mga bihag sa digmaan. Kabilang sa mga teknik na ito ang paggamit ng sikolohikal at pisikal na dasas.

Ginawang upisyal na patakaran ang paggamit ng pinakabrutal na mga pamamaraan. Kabilang dito ang walang taning na *solitary confinement* (detensyon nang nagiisa), sobrang pananakot at ingay upang hindi makatulog ang mga bilanggo at pagmanipula sa kani-



lang pagkain. Dagdag dito, pinahintulutan ding hubaran, hiyain at tratuhing hayop ang mga bilanggo.

Sa Afghanistan, libu-libong bilanggong Taliban na nabihag ng mga pwersang Amerikano noong Nobyembre 2001 ang isiniksik lamang sa mga *container van* at hinayaang mamatay sa gutom at sobrang init. Dokumentado rin ang paggamit ng tortyur at pagpatay ng mahigit 3,000 kalalakihang Afghan sa kulungan ng Mazar-i-sharif sa base militar ng US sa Afghanistan. Katulad ng nangyari sa Abu Ghraib, nabunyag din ang kahayupan ng mga pwersang Amerikano nang lumabas sa mga pahayagan at telebisyon ang mga litrato ng mga bilanggong Afghan na nakahubad, nakatali at binusalan. Hindi ligtas maging ang Amerikanong si John Walker Lindh na nabihag kasama ng mga pwersang Taliban at nakilala bilang "American Taliban." Ibinunyag ni Lindh na kabilang siya sa mga bilanggong ikinulong sa *container van* na walang pumapasok na hangin, tubig at pagkain. Hinubaruan at itinali rin siya na parang hayop upang hiyain at takutin.

Sa base militar nito sa Guantanamo, Cuba, pinatatakbo ng US ang Camp X-Ray kung saan dalawang taon na silang iligal na nagkukulong ng mahigit 600 na bihag na umano'y mga terorista. Tumatangi ang US na ipailalim ang mga ito sa Geneva Conventions na gumagabay sa waste at sibilisadong pagtrato sa mga bihag ng digma. Walang kinikilala ang US na anumang karapatang-tao ng mga bilanggo rito. Ayon sa ilang napalaya na bunga ng mga pagkakasiwalat at kampaña laban sa mga kahayupan ng US sa Guantanamo, dumaranas ang mga bilanggo roon ng pinakamalulupit na tortyur at pang-aabuso sa kamay ng mga nag-iimbestiga at mga gwardya.

Kahit na sinasabi ng mga upisyal ng gubyerno at militar ng US na may pagkakaiba ang mga patakaran at pamamaraan sa pagtrato nila sa mga bilanggo sa Guantanamo, sa kalahatan ay parehong mga patakaran at pamamaraan ang ginagamit nila sa mga bihag nila sa Afghanistan, Iraq at iba pang lugar. AB

Reyd sa Pampanga, tagumpay

NAGULANTANG si SP04 Pedro David nang salakayin ng 10-kataong yunit ng BHB ang mag-isa niyang binabantayang detatsment ng PNP sa Bulaon Resettlement Site sa City of San Fernando, Pampanga noong Mayo 26. Hindi na siya nakapanlaban. Nasamsam sa himpilan ang limang ripleng M16 at isang pistolang 9mm. Nag-nap ang buong pangyayari sa loob lamang ng sampung minuto.

Nang dumating ang panaklolong pwersa na pinangunaan ni Supt. Nicanor Targa, he-

pe ng pulisia ng San Fernando, sabay-sabay na pinatay ng mga residente ang mga ilaw sa kani-lang mga bahay. Dahil sa pangambang matambangan, napilitang umatras ang mga kaway. Ang lugar ay komunidad ng 2,000 pamilyang napalikas sa kanilang lugar nang pumutok ang Mt. Pinatubo sa Zambales noong 1991.

Noong Mayo 21 naman, tinambangan ng BHB ang ilang elemento ng PNP sa Porac, Pampanga. Napatay ang isang ahente sa paniktik habang sugatan ang isa pa.

Militar, utak sa pagdukot sa isang upisyal ng DENR

KINUNDENA ni Jorge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng National Democratic Front-Mindanao, ang mga yunit ng AFP sa Agusan del Norte bilang utak sa pagdukot kay Christopher Kuizon, *regional technical director for operations* ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa Caraga noong Mayo 29. Si Kuizon ay dinukot ng Bungkatol Liberation Front (BLF), sa Buenavista,

Agusan del Norte. Ayon kay Ka Oris, hindi nagustuhan ng AFP ang seryosong pagpapatupad ni Kuizon sa kampanya ng DENR laban sa *illegal logging*.

Ang BLF ay isang grupong paramilitar nag-oopereyt sa hanay ng mga Lumad sa Caraga.


Napilitan ang BLF na palain si Kuizon matapos atas ni Ka Oris ang BHB na maglunsad ng operasyong panaklolo sa kanya.

Matrikula sa kolehiyo, tataas nang 15%

NAKATAKDANG itaas nang mahigit 15% ang matrikula sa mga kolehiyo at unibersidad ngayong pasukan. Aabot sa 214 kolehiyo ang magtataas ng kanilang mga singil. Sa kasalukuyan, aabot na sa P313.20 kada yunit ang abereyds na matrikula.

Pinakamatarik ang pagtaas

ng matrikula sa Metro Manila. Sa 83 kolehiyo at unibersidad rito, tataas nang abereyds na P60 ang kasalukuyang P614.50 kada yunit. Pumapangalawa rito ang Region 7 (P34.40 kada yunit). Pangatlo naman ang Region 11 kung saan itataas nang abereyds na P33.35 kada yunit ang matrikula.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXV Blg. 11

Hunyo 7, 2004

www.philippinerevolution.org

Editoryal


Krisis sa pulitika, matabang lupa para sa rebolusyon

Napipinto ang pagsambulat ng maigting na krisis pampolitika sa naghaharing sistema. Ang dati nang maigting na tunggalian ng mga magkakaribal na reaksyunaryong pakson ay lalo pang pinati-tindi ng naganap na pinakamadaya, pinakamarahas at pinakamagulong elekson sa kasaysayan ng Pilipinas at ng sobra-sobrang panggigipit sa mga progresibo. Di mapapanatag ang mau-upong rehimeng.

Dinala ng nagdang halalan sa napakataas na antas ang bangayan sa hanay ng mga reaksyunaryo. Ang pandaraya, panggigipit at pandarahas sa mga lumahok na progresibong partido at kandidato, laluna't mahigit sangkatlo ng mga pinatay sa panahon ng elekson ay mga kandidato, lider at organisador ng mga progresibong partido ay la-long nagpasidhi sa

galit ng mamamayan sa gobyerno, sa mga sandatahang pwersa nito at sa mga sagad-sagarang reaksyunaryo.

Pinalalabas ngayon ng kampong Arroyo na nakuungos pa rin siya sa pangunahin niyang karibal sa



Mga tampok sa isyung ito...

NDF, nagbantang umatras sa usapan

PAHINA 3

Sumisirit ang presyo ng langis

PAHINA 7

Aping kalagayan ng kababaihang magsasaka

PAHINA 8

Mga instruksyon sa paglilimbag

1. Ang **pahina 11**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead o logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

2. Pag-print sa istensil:

- a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
- b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
- c) I-click ang **Properties**
- d) I-click ang **Advanced**
- e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
- f) Ituloy ang pag-print

3. Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com